

# Paano ko ipaparehistro ang anak ko sa Surrey School District?

Salamat sa pagpili na iparehistro ang iyong anak sa Surrey School District. Nasasabik kami sa pagdating ng iyong anak sa distrito at nakatuon kami sa paniniguro na ang iyong estudyante ay nakalista sa klase at kabahagi sya sa pagkatuto sa lalong madaling panahon.

## KELAN AKO PWEDENG MAG-PAREHISTRO ?

Ang pagpaparehistro ay bukas para sa mga estudyante buong taon para sa kasalukuyang pasukan. Ang pagpaparehistro para sa susunod na pasukan ay mag-uumpisa sa Enero. Kasama dito ang mga estudyanteng kindergarten.

## PAANO AKO MAGPAPAREHISTRO?

Magpaparehistro para sa eskwelahang malapit sa lugar nyo sa pamamagitan ng pagbisita sa [www.surreyschools.ca](http://www.surreyschools.ca) at pindutin ang 'Register Today' sa bandang kanan ng toolbar sa itaas o ii-scan ang QR code dito. Makikita sa nasabing site ang School Locator na maaaring gamitin para malaman ang catchment school nyo. Kung nais nyo ng tulong, kontakin lamang ang catchment school para dito.



## ANONG MGA DOKUMENTO ANG KAILANGAN PARA MAG-PAREHISTRO?

Ang mga sumusunod na dokumentasyon ay kailangan sa pagpaparehistro:

**UNANG BAHAGI:** Mga Kailangang Dokumentasyon (hindi kinakailangang mula sa British Columbia)

1. ID na may larawan ng **magulang / legal na tagapangalaga** tulad ng driver's license, pasaporte, Photo BC Services Card, BCID card. Hindi ito kinakailangan na mula sa British Columbia
2. Katunayan ng pagiging legal na tagapangalaga na nakasaad sa birth certificate ng bata, o iba pang mga legal na dokumento gaya ng landed immigrant document o guardianship order
3. Ebidensya ng kaarawan ng **estudyante** (halimbawa birth certificate o pasaporte)

**PANGALAWANG BAHAGI:** Patunay ng tirahan ng magulang/ tagapangalaga sa BC

Wastong dokumento mula sa gobyerno na nagsasaad ng tirahan, pangalan ng magulang/legal na tagapangalaga (halimbawa, BC Driver's License, BC Service Card, BCID o ICBC Registration Document, at iba pa)

Ibang mga dokumentong maaaring gamitin kung wala kang wastong mga dokumentasyon na mula sa gobyerno na nagsasaad ng iyong tirahan. (Magpakita/ Magdala ng dalawa o higit pa) :

- Kasunduan ng Pagbili ng Ari-arian
- Utility bill
- Kasunduan ng Pag-renta (o sulat mula sa may-ari ng nirentahan)
- Mga dokumentong pangkalusugan (ulat medical at mga sulat)
- Sulat mula sa koreo na merong pangalan at tirahan ng residente
- Payslip mula sa trabaho
- Pahayag ng banko
- Sulat mula sa amo sa trabaho
- Pahayag o mga patakaran ng Insurance
- Pahayag o sulat mula sa Notario Publico
- Iba pang mga dokumentong nagpapakita ng pangalan at tirahan ng residente

Hindi ibinabahagi ng aming School District ang impormasyon ng estudyante o magulang sa mga awtoridad ng federal immigration maliban lamang kung kinakailangang gawin ito ayon sa batas.

Hinihiling ng gobyerno ng BC na ang lahat ng estudyante sa BC ay iulat ang estado ng kanilang mga bakunang natanggap na. Ito ay upang masuportahan ang pampublikong kalusugan at makontrol ang mga outbreak at panatilihin malusog at ligtas ang mga estudyante.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagrereport ng Vaccination Status Reporting Regulation maari lamang na pumunta sa : [immunizebc.ca/vaccination-status-reporting-regulation](http://immunizebc.ca/vaccination-status-reporting-regulation) o bumisita sa [Fraserhealth.ca/immunizations](http://Fraserhealth.ca/immunizations).



Kapag nagpaparehistro, hinihikayat ang mga magulang / tagapangalaga na ibahagi ang mga impormasyon tungkol sa anak/ bata para sa matagumpay na paglipat ng paaralan, at masiguro na alam ng educational team ang mga kakaiba at mga iba't-ibang pangangailan sa pag-aaral. Ang mga report card at iba pag mga dokumento makakapagpatunay/suporta ay makakatulong din.